Ang sinumang gumawa ng maganda sa [panahon ng] Islām ay hindi pananagutin sa anumang ginawa niya sa Panahon ng Kamangmangan. Ang sinumang gumawa ng masagwa sa [panahon ng Islām] ay pananagutin sa una at huli."}

Ayon kay Ibnu Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May nagsabing isang lalaki: "O, Sugo ni Allāh, pananagutin ba kami sa anumang ginawa namin sa Panahon ng Kamangmangan?" Nagsabi siya: "Ang sinumang gumawa ng maganda sa [panahon ng] Islām ay hindi pananagutin sa anumang ginawa niya sa Panahon ng Kamangmangan. Ang sinumang gumawa ng masagwa sa [panahon ng Islām] ay pananagutin sa una at huli."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kainaman ng pagpasok sa Islām; at na ang sinumang umanib sa Islām, gumanda ang pagkaanib niya sa Islām, at naging isang nagpapakawagas na tapat, hindi siya tutuusin sa ginawa niya na mga pagsuway sa Panahon ng Kamangmangan; at ang sinumang nagpasagwa sa pagkaanib sa Islām dahil siya ay naging isang mapagpaimbabaw o tumalikod sa Islām, tutuusin siya sa ginawa niya sa panahon ng kawalang-pananampalataya at sa ginawa niya sa panahon ng pagkaanib sa Islām.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65002